


Ang parking lot drains, kilala bilang catchbasins or stormwater drains, ay konektado sa mga lagusan ng tubig



Ang mga stormwater drain markers ay nagpapaalala sa atin na tayo ay bahagi ng ating kapaligiran

# Pagkukumpuni ng Sasakyan

Pangalagaan ang Yamang-Tubig sa pamamagitan ng pagpigil ng anumang kontaminasyon

## Iwasan ang magtapon

Panatiliing malinis at iwasang magtapon sa talyer:

- Gumawa ng spill response plan kung saan mayroong response kit na may mga lamang absorbent materials na nakahanda at akma sa klase ng produktong ginagamit o basurang naiipon sa inyong talyer. Sanayin ang mga empleyado na sundin ang spill response plan na ito.
- Ang mga kalat ng automotive fluids at iba pang nakalalasang kemikals ay kinakailangang linisin at iligpit kaagad upang maiwasang mapunta sa mga lagusan ng tubig o kanal.

Sakaling magkaroon ng aksidenteng pagkatapon ng kemikal sa kapaligiran, kaagad tumawag sa **Provincial Emergency Program (PEP)** sa 1.800.663.3456. Sakaling ang kemikal na ito ay madaling nasusunog, nakalalason, o kaya mapanganib, tumawag kaagad sa **Surrey Fire Department** sa **911**.

Ang sinumang may kagagawan ng pagkakatapon ng kontaminasyon sa stormwater drainage system ay maaaring papanagutin sa environmental legislation:

- Federal Fisheries Act
- BC Hazardous Waste Regulation
- BC Environmental Management Act
- Surrey By-law No. 16610

## Para sa karagdagang kaalaman

RCBC Recycling Hotline  
**604.732.9253**

City of Surrey, Plumbing Section  
**604.591.4245**

City of Surrey  
Drainage & Environment Section  
**604.591.4321**

Metro Vancouver  
Source Control  
**604.436.6777**

Surrey Fire Department  
**604.543.6760**

Used Oil Management Association  
[www.usedoilrecycling.com](http://www.usedoilrecycling.com)

Kapag may nakitang natapon o itinapon na kemikal sa mga palagusan, maaaring tumawag sa City of Surrey's Engineering Department sa **604.590.7226**, pagkaraan ng 4:30pm sa **604.591.4431**.



**Alam mo ba?** Ang isang patak ng motor oil ay maaaring makapagkotamina ng buong swimming pool na puno ng tubig. Mayroong mahigit 1500 km na sapa at daluyan ng tubig ang Surrey. Ang mga sapang ito ay mga importanteng daanang-tubig at tirahan ng mga isda gaya ng salmon, trout, at iba pang hayop at halamang nabubuhay sa tubig.



## Automotive Service & Repair

Ang mga pasilidad kagaya ng Automotive service and repair facilities ay itinuring stormwater pollution "HOT SPOTS" kung saan may pinakamaraming bilang ng hydrocarbons, trace metals at iba pang pollutants na maaaring mapahalo sa stormwater runoff. Ang stormwater runoff ay nakokolekta sa pamamagitan ng mga catch basins ng stormwater drainage system at dumadaan sa mga daluyang-tubig at sapa na may mga isdang nabubuhay. Ang mga isda at iba pang hayop na nabubuhay sa tubig ay napakasensitibo sa mga polusyon. Kaya nararapat na gawin ang lahat na makakaya upang maiwasan ang pagkaroon ng kontaminasyon sa mga stormwater drainage system at polusyon sa ating mga sapa, ilog at batis. Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga nakakalasang materyal at kemikal galing sa automobile maintenance facilities at mga residenteng gumagawa ng sariling car maintenance sa kanilang bahay:

- Solvents (paints & paint thinners)
- Antifreeze
- Brake fluid and brake duct
- Batteries
- Motor oils
- Fuels (gasoline, diesel, kerosene)
- Lubricating grease

## Mga Pinakamahasay na Pamamaraan

Upang maiwasan na mapunta ang mga dumi at polusyon sa stormwater drainage system at dadaloy ang mga ito sa sapa, ilog at batis. Kasanayang sundin ang mga sumusunod:

- Ang duming tubig galing sa radiator flushing, steam cleaning, engine shampooing, parts washing, at caustic cleaning operations, ay kailangang maitapon sa aprobadong sanitary sewer connection o mga lugar na may nararapat na paglalagyan at walang peligrong magkaroon ng pagtagos o pagkalat papunta sa stormwater drainage system.
- Ang lahat ng natitirang langis na ginagamit sa automotive, pintura at solvents ay kailangang mai-recycle o maitapon ng maayos ayon sa aprobadong disposal at recycling company.
- Ang mga "oil filters" ay kailangang patuyuin at ihiwalay sa mga ibang bagay para sa recycling.
- Ang mga "interior drains" ay kailangang may aprobadong daanan patungo sa sanitary sewer system.

- Kailangang gumamit ng drip pans para sa mga sasakyang may leaking sa makina lalo na kung ang ito ay naka-parade sa inyong lugar. Ang nasasalang langis ay kailangang mailagay sa tamang paglalagyan at itapon sa aprobadong disposals or recycling. Lahat ng mga lalagyan ng bago o gamit na langis, solvents, pintura, panlinis, deodorizers, asido at caustics ay ilagay sa matiwasay at walang panganib na lugar. Kailanga ang lugar ay may curbing, dyking at bubong. Para sa pag-imbak ng mga ito kumonsulta sa Surrey Fire Department.
- Ang sasakyan, mga gamit at kasangkapan ay hindi dapat hugasan at linisin sa mga lugar na ang duming tubig ay dadaloy sa stormwater drainage system. Ang paghuhugas ng mga ito ay gagawin sa mga itinalagang wash pads na may oil interceptor bago itapon ang duming tubig sa sanitary sewer o kaya padaluyin ang ginamit na tubig sa isang isolated sump o holding tank para kunin ng disposal company. Ang Waste Discharge Permit ay kinakailangan sa Metro Vancouver.
- Walisan ang mga parking lots o lugar na pinaggagawan kaysa bombahin ng tubig ang mga dumi at basura papunta nga catch basins.
- Tiyakin na ang lahat ng empleyado ay may nalalaman tungkol sa kanilang mahalagang tungkulin sa pag-aalaga ng stormwater drainage system.